THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 Organic Agriculture Congress, isinagawa!

VOLUME I No. 36 July 18, 2022 - July 24, 2022

# Gawad Parangal para sa Taong 2020 ng DepEd Calapan East District, inilunsad!





BINIGYANG INSPIRASYON at sinuportahan ni Governor Bonz Dolor ang kauna- unahang Gawad Parangal para sa Taong 2020 ng Department of Education Calapan East District na ginanap sa Oriental Mindoro Heritage Museum (OMHM), Brgy. Ibaba Calapan City ngayong araw, Hulyo 19.

Ang Gawad Parangal ay kauna-unahang pagkilala ng East District sa kanilang mga dakilang guro na walang sawa at tapat na naglilingkod sa kanilang mga tungkulin.

Kaugnay nito, bilang panauhing pandangal, binigyang diin ni Governor Bonz sa kanyang mensahe sa harap ng lahat ng mga guro ang aniya'y tatlong mahahalagang susi sa tagumpay, ang pagiging mapagpasalamat, kahandaang magserbisyo ng may malasakit na higit pa sa natatanggap, at ang pagiging masigla o pagpapanatili ng masayang pagliligkod. Kasunod nito, kinilala rin ng Punong Ehekutibo ang husay ng mga ito sa kanilang larangan.

Tampok naman sa naging parangal ang paggkakaloob ng sertipiko at plake ng pagkilala sa mga nahirang na guro mula sa iba't-ibang kategorya.

Ayon naman kay DepEd Calapan East District Supervisor Alfonso F. Galicha nagpapasalamat aniya, sila sa Provincial Government of Oriental Mindoro dahil sa solidong suporta sa kanila ni Governor Bonz.

Binubuo naman ito ng may labing-anim (16) na Elementary Schools at tatlong (3)Secondary schools ng Calapan City kung saan may 113 mga guro ang binigyan ng pagkilala.

Samantala, tampok rin dito ang panunumpa sa tungkulin ng mga bagong halal na District Faculty Officers para sa taong 2021-2023.

Nakiisa naman sa mahalagang aktibidad si DepEd Calapan City Division Assistant Schools Division Superintendent Cynthia Ellonor G. Manalo (PIO Oriental Mindoro).





*Labing-anim (16) na Elementary Schools at tatlong (3)Secondary schools ng Calapan City ang kalahok sa Gawad Parangal, kung saan may 113 mga guro ang binigyan ng pagkilala.*



THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM





OFFSET & LETTERPRESS PRINTING • OFFSET & LETTERPRESS PRINTING • OFFSET & LETTERPRESS PRINTING

SINAG PUBLISHING AND PRINTING

Sinag

SINAG
PRINTING PRESS

Parian Nat'l Highway, Calamba City, Laguna
Contact us: Telefax: (049) 834-6261 • Mobile: 09205819079
Email add: tambuli_press@yahoo.com.ph

For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



***TINGAN:*** ***Sa pangunguna ng City Government of Calapan, Mayor Malou Flores-Morillo at ng City Youth and Sports Development Officer, Mr. Marvin Panahon, inilunsad ang libreng "Fitness for All: Hataw, Sayaw at Galaw" na isinagawa sa OMNHS Grandstand na naglalayong hikayatin pa ang mga Calapeño na maging aktibo sa ehersisyo at malinang pa ang kanilang kakayahan sa pagsayaw. Kabilang sa mga aktibidad na ito ang Zumba, Ballroom Dancing, HipHop/Kpop Dancing at Taichi (City Information Office).ing, HipHop/Kpop Dancing at Taichi (City Information Office).***















# *8th Regional Organic Agriculture Congress*

*TINGNAN: Personal na dinaluhan ni Calapan City Mayor Malou Flores-Morillo at Vice Mayor Bim Ignacio ang 8th Regional Organic Agriculture Congress na isinagawa sa Filipiniana Hotel Calapan City, Oriental Mindoro.*

*Mainit na tinanggap ni Mayor Morillo ang mga partisipante mula sa buong MIMAROPA Region. Sa nasabing kongreso ay ibinida ng iba't ibang prodyuser ang mga de kalidad na produkto mula sa rehiyon ng MIMAROPA. Nagpahayag naman ang alkalde ng mainit na suporta sa adbokasiya ng naturang pagtitipon — ang pagsusulong ng organic farming. Para kay Mayor Malou,tunay na Ok kapag OA "Organic Agriculture."*



THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 36 July 18, 2022 - July 24, 2022

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *Ambulance para sa lalawigan ang ipinagkaloob ng DOH*








DAHIL SA AKTIBONG pagtutuwang ng Department of Health (DOH) at Pamahalaang Panlalawigan sa pamumuno ni Governor Humerlito Bonz Dolor, patuloy na naisusulong ang iba't ibang mga programa ukol sa kalusugan.

Kaugnay nito, isang Brand New Type 1 Ambulance para sa lalawigan ang ipinagkaloob ng DOH sa pamamagitan ng DOH Center for Health and Development (CHD) MIMAROPA na pinamumunuan ni Regional Director Dr. Mario Baquilod. Sa ngalan ni Gov. Bonz malugod naman itong tinanggap at pinasalamatan ni Oriental Mindoro Central District Hospital (OMCDH) Chief Dr. Bobot Gonzales. Si RD Baquilod ang mismong personal at pormal na nag turn-over ng bagong ambulansya.

Malaking karagdagang katulungan naman ito sa patuloy na serbisyong ipinagkakaloob ng mga pampublikong ospital sa lalawigan na libreng serbisyo ng ambulansya para sa mga pasyesteng kailangang alalayan na ipinatutupad ng Pamahalaang Panlalawigan (PIO Oriental Mindoro).

---

# *Mga bagong opisyal ng Federation of Senior Citizens of Oriental Mindoro (FESCORM), nanumpa na*



NANUMPA NA NGAYONG araw sa kanilang katungkulan sa harap ni Governor Bonz Dolor ang mga bagong opisyal ng Federation of Senior Citizens of Oriental Mindoro (FESCORM) na pinangunahan ni Re-Elected President Maura Javier mula sa bayan ng Bansud, Vice-Pres Elpidio T. Valenzuela ng Baco, Secretary Viena Matibag ng Naujan, Treasurer Felisa A. Aranzado ng Puerto Galera at Assistant Treasurer Nonieta B. Ramos ng bayan ng San Teodoro.

Ayon kay Governor Bonz, nagpapasalamat aniya, siya sa buhay na mayroon ang mga pangunahing mamamayan dahil kung wala aniya ang mga ito, walang susundang yapak ang mga kabataan. Nagpaalala rin ang gobernador sa pamamagitan ng ilang mga talinghagang halaw sa banal na kasulatan hinggil sa magandang dulot ng paggalang sa nakatatanda.

"Igalang mo ang iyong ama at ina at sasagana ang iyong buhay at hahaba ito sa ilalim ng langit..."

"Kayo ang panulukang bato ng komunidad. Kung wala ang katatandaan di magiging matibay ang komunidad natin..."

Malugod namang ibinalita ng gobernador ang mga mahahalagang proyekto na laan sa sektor ng senior citizens (SC). Ilan lamang dito ang target na mapatapos na senior citizens building sa bawat brgy. sa loob ng kanyang termino bilang gobernador. Samantalang ang dalawang palapag na SC Center Building ay sinisimulan na sa Calapan na bahagi ng sectoral centers project ng kanyang administrasyon.

Ang ating Pamahalaang Panlalawigan ay bukas para sa inyo, pagbibigay diin pa ng gobernador. Kasunod nito, ang pagbibigay halaga ng punong ehukutibo sa malalim na dedikasyon ng mga SC upang sila'y patuloy na maging produktibo.

Samantala, nagbigay naman ng kani-kanilang mensahe ng pasasalamat at pagkilala sa grupo ng SC sina Provincial Social Welfare and Development Officer Zarah C. Magboo, Special Assistant for Senior Citizens Esther Malapitan at FESCORM President Maura Javier.

Sinaksihan naman ito ni SC Regional President Med Dacillo (PIO Oriental Mindoro).